



Dignity Health®

Rehabilitation Hospital

In partnership with Select Medical

Buod ng mga Progama sa Pinansyal na Tulong

Inilalarawan sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Dignity Health Rehabilitation Hospital ang mga programa sa pinansyal na tulong na magagamit ng mga pasyenteng walang seguro o kulang sa seguro na tumutugon sa ilang mga kinakailangan sa kita upang tumulong sa pagbabayad ng medikal na kinakailangang mga serbisyo ng ospital na ibinigay ng Dignity Health Rehabilitation Hospital. Ang pasyenteng walang seguro ay ang taong walang saklaw sa kalusugan, pribadong seguro man o programa sa pamahalaan, at walang karapatan sa pagbabalik-bayad ng sinumang iba pa para sa kanilang mga singil sa ospital. Ang pasyenteng kulang sa seguro ay ang taong may saklaw sa kalusugan, ngunit may malaking singil sa ospital na hindi ganap na saklaw ng kanilang seguro.

Libreng Pangangalaga

- Kung wala kang seguro o kulang sa seguro na may kita ng pamilya na hanggang 200% ng Pederal na Antas sa Kahirapan, maaaring karapat-dapat kang tumanggap ng mga serbisyo ng ospital nang walang gastos sa iyo.

Pangangalagang May Diskwento

- Kung wala kang seguro o kulang sa seguro na may taunang kita ng pamilya sa pagitan ng 200-350% ng Pederal na Antas sa Kahirapan, maaaring karapat-dapat ka na mabawasan ang iyong singil sa ospital sa pinakamataas na halagang makatuwirang inaasahan na bayaran ng isang tagabayad ng pamahalaan, na ang madalas na halaga na binabayaran ng Medicare para sa ilang mga serbisyo.
- Kung wala kang seguro o kulang sa seguro na may taunang kita ng pamilya sa pagitan ng 350-500% ng Pederal na Antas sa Kahirapan, maaaring karapat-dapat ka na mabawasan ang iyong singil sa ospital sa Halagang Karaniwang Sinisingil, na isang halagang nakatakda sa ilalim ng pederal na batas na sumasalamin sa halaga na ibabayad sa ospital ng mga pribadong taga-seguro ng kalusugan at Medicare (kabilang ang mga kapwa-bayarin at ibinabawas) para sa medikal na kinakailangang mga serbisyo.

Kung ikaw ay karapat-dapat para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng aming Patakaran sa Pinansyal na Tulong, hindi mo kinakailangang magbayad ng higit sa Halagang Karaniwang Isinisingil na inilalarawan sa itaas. Kung kwalipikado ka, maaari ka ring humiling ng plano sa pinalawig na pagbabayad nang walang interes.

Hindi ka aatasan na gumawa ng paunang bayad o ibang mga kaayusan sa pagbabayad upang tumanggap ng emerhensiyang mga serbisyo. Ang mga kopya ng Patakaran sa Pinansyal na tulong at mga form sa aplikasyon sa pinansyal na tulong ay makukuha online sa website ng ospital na nakalista sa ibaba o sa lugar ng pagtanggap sa ospital na matatagpuan malapit sa pangunahing pasukan. Ang mga kopya ng mga dokumentong ito ay maaari ring ipadala sa iyo kung hihilingin kung tatawag ka sa Departamento sa Pagpapasok sa numero ng telepono na nakalista sa ibaba para sa iyong ospital.

Traducción disponible: Maaari ka ring makakuha ng pagsasalin sa Espanyol at ibang mga wika ng mga dokumentong ito sa website ng iyong ospital, sa lugar ng pagtanggap, o sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng iyong ospital.

Nandito ang mga taga-ayos ng Pagpapasok at Tagapangasiwa ng Kaso sa Dignity Health Rehabilitation Hospital upang sumagot sa mga tanong, magbigay ng impormasyon tungkol sa aming Patakaran sa Pinansyal na Tulong at tumulong na gabayan ka sa proseso ng aplikasyon sa pinansyal na tulong. Maaaring makipag-ugnayan sa aming kawani sa numero ng telepono na nakalista sa ibaba para sa ospital.

Dignity Health Rehabilitation Hospital - 2930 Siena Heights Dr., Henderson, NV 89052
Departamento sa Pagpapasok 725-726-2010 | www.dignityhealthrehab.com